# Agarang pagkilos upang mapabuti ang mga serbisyo ng laboratoryo

Agosto 03, 2023 Mga katanungan sa media

## Libu-libong mga bagong tipanan sa laboratoryo sa komunidad ang ginagawang available para sa mga Albertan upang makatulong na bawasan ang oras ng paghihintay upang magamit ang mahalagang serbisyong pangkalusugan na ito.

Ang mga pasyente, lalo na sa rehiyon ng Calgary, ay naghihintay ng napakatagal upang makuha ang mga regular na serbisyo sa laboratoryo.

Upang mapahusay ang pag-akses sa pagsusuri sa laboratoryo, ginawa ng mga Serbisyong Pangkalusugan ng Alberta (Alberta Health Services) at DynaLife ang pinagsamang desisyon na payagan ang Alberta Precision Laboratories (APL) na mag-alok ng higit pang mga tipanan sa laboratoryo sa komunidad. Pinangangasiwaan na ng APL ang gawain sa laboratoryo sa lahat ng mga ospital at mga sentro ng agarang pangangalaga sa lalawigan at nag-aalok ng mga serbisyo sa laboratoryo ng komunidad sa mga rural na lugar.

"Hindi katanggap-tanggap na ang mga Albertan ay nahaharap sa patuloy na mga pagkaantala upang makakuha ng isang simpleng pagsusuri o pag-iksamen sa dugo. Ang mga pagsusuri sa laboratoryo ay isang mahalagang bahagi ng paglalakbay sa pangangalagang pangkalusugan ng isang pasyente mula sa dyagnosis hanggang sa paggamot, at dapat na makuha ng mga Albertan ang mga ito kung kailan at saan nila kailangan ang mga ito. Iyon ang dahilan kung bakit inutusan namin ang Mga Serbisyong Pangkalusugan ng Alberta (Alberta Health Services) na gumawa ng mga pagbabago ngayon."

*Danielle Smith, Premiyer*

"Binigyan ako ng malinaw na direksyon ng Premiyer upang malutas ang mga pagkaantala sa serbisyo ng laboratoryo. Ngayon ay isang mahalagang hakbang pasulong na may agarang pagsisimula ng mga bagong tipanan at daan-daang higit pa na darating sa mga susunod na ilang linggo. Ang aming pamahalaan ay nakatuon sa pagtitiyak na ang lahat ng mga Albertan ay may napapanahong pagkuha ng mga serbisyo ng laboratoryo saan man sila nakatira."

*Adriana LaGrange, Ministro ng Kalusugan*

## Mga bagong tipanan sa lugar ng Calgary

Epektibo kaagad, ang mga Albertan na nangangailangan ng mga serbisyo sa laboratoryo ay maaaring mag-book ng tipanan para sa Sabado, Agosto 5 salamat sa pagdaragdag ng 400 na mga bagong tipanan sa laboratoryo sa komunidad ng Sabado sa South Health Campus at Peter Lougheed Center. Ang karagdagang 175 na tipanan sa Sabado ay idadagdag sa laboratoryo ng Foothills Medical Center sa Agosto 12. Ang mga tipanang ito ay maaaring makuha sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-877-702-4486 at makukuha para sa pagpapa-book sa patuloy na batayan.

Ang Alberta Precision Laboratories ay gumagawa din ng karagdagang aksyon upang magdagdag ng 7,500 lingguhang mga tipanan, isang pagtaas ng 25 porsyento sa lugar ng Calgary, sa pamamagitan ng:

- Pagrekluta at pagkuha ng karagdagang kawani upang ang mga serbisyo ng laboratoryo ay magamit ng anim na araw sa isang linggo sa loob ng sistema ng laboratoryo ng ospital ng APL, na magdaragdag ng 2,000 mga bagong tipanan linggu-linggo sa taglagas ng 2023.
- Pagkontrata ng mga karagdagang ikatlong-partidong tagapagbigay para magdagdag ng karagdagang kapasidad, na magreresulta sa karagdagang 3,000 mga tipanan bawat linggo sa kalagitnaan hanggang sa huling bahagi ng Agosto sa Calgary.
- Pagbubukas ng bagong pangkomunidad na sentro ng serbisyo sa pasyente sa timog-silangan ng Calgary at pagpapalawak ng Glenbrook at Airdrie na mga sentro ng serbisyo sa pasyente, na magreresulta sa humigit-kumulang 2,500 na mga bagong tipanan linggu-linggo sa huling bahagi nitong taglagas.

Patuloy naming ginagalugad ang lahat ng mga pagpipilian para matiyak na makakatanggap ang Albertan ng napapanahong pagkuha sa mga serbisyo ng laboratoryo. Magbibigay kami ng

pagbabago sa mga karagdagang pagkilos upang patatagin ang mga serbisyo ng laboratoryo kapag mayroon nang mga detalye.

Ang lahat ng mga umiiral na tipanan at mga serbisyo sa laboratoryo ay patuloy na ibibigay gaya ng naka-iskedyul. Ang mga Albertan ay maaaring magpatuloy na gumawa ng kanilang mga tipanan sa laboratoryo sa pamamagitan ng QMe (dynalife.ca), o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-877-702-4486.

"Ang aming pagtutuon ay sa mga pasyente, at pagtitiyak ng kaligtasan, kakayahang maka-akses, at katatagan ng mga serbisyo sa laboratoryo. Naiintindihan at pinahahalagahan namin ang mga paghamon na hinarap ng mga Albertan sa mga serbisyo ng laboratoryo nitong mga nakaraang buwan at nakatuon kami sa pagtugon sa mga alalahaning ito."

*Mauro Chies, presidente at CEO, Mga Serbisyong Pangkalusugan ng Alberta (Alberta Health Services)*

## Kaugnay na impormasyon

- Paggawa ng mga tipanan sa laboratoryo

## Mga katanungan sa media


### Scott Johnston

780-918-4284
Kalihim ng Press, Kalusugan